9

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Liway T. Hilapo, Teacher I, MBHS-Sucat Annex |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Liway T. Hilapo, Teacher I, MBHS-Sucat Annex |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City |
| | Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino |
| | Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 7 | Paggamit ng Angkop na mga Salita sa Paglalarawan ng Kulturang Asyano at Bayani ng Kulturang Asyano |
|---|---|

## Inaasahan

Sa araling ito ay higit mong makikilala ang kultura at bayani ng Kulturang Asyano. Matututuhan mo rin ang paggamit ng angkop na mga salita sa paglalarawan.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Nagagamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kulturang Asyano at bayani ng Kanlurang Asya **(F9PS-IIIg-h-56)**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Tukuyin sa loob ng kahon ang angkop na salitang naglalarawan sa pangungusap. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| matapang | maayos | mayaman |
| tanyag | mabisa | |

1. _______ ang kulturang Asyanong minana pa natin sa ating mga ninuno.

2. Hindi na mabilang ang mga _______ na tao sa Asya na nagbigay karangalan sa kani-kanilang bansa.

3. Ang kultura ay paraan na _______ upang magkaisa ang mga Asyano.

4. Sumisimbolo sa kultura ang pagkakaroon ng _______ na pamumuhay, kaugalian at paniniwala.

5. Maituturing na _______ ang mga taong humarap sa kani-kanilang mga hamon sa buhay.

## Balik-tanaw

**Panuto:** Lagyan ng titik A hanggang E ang mga kahon upang mapagsunod-sunod ang buod ng epikong Rama at Sita.

☐ Lubhang naging matagal ang labanang namagitan kina Rama at Ravana, sa huli ay nanaig ang kabaynihan ni Rama at napatay niya si Ravana.

☐ Nabighani si Surpanaka sa kakisigang taglay ni Rama kung kaya inalok niya ito na maging kabiyak ngunit siya ay nabigo.

☐ Nakakita si Sita ng isang ginintuang usa na ang sungay ay lantay ng mamahaling mga bato. Tinawag niya si Rama at pinahabol niya ito.

☐ Sa tulong ng hari ng mga unggoy at mga kawal nito ay nilusob nina Rama at Lakshamanan ang kaharian ng Lanka upang bawiin si Sita.

☐ Isang patibong ang inihanda nina Ravana upang makuha si Sita at maging asawa niya.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

### Asyano! Mayaman Ka.

Mayaman ang kulturang Asyano. Sumisimbolo dito ang mga katangian, paniniwala, kaugalian at pananampalataya ng iba't ibang pangkat-etniko sa Asya. Ang kulturang nagpakilala ng pagtuklas at paglikha, pakikibaka, pag-unlad at pagpapa-abot sa pinakamalaking ambag sa mundo - ang relihiyon.

Mapapansin ang iba't ibang kultura ng mga Asyano tulad ng maganda at malamyos na tinig ng mga mang-aawit, malikhain sa panitik ng iba't ibang akdang panitikan, pinagpalang mga kamay sa paglikha ng mga istruktura, paghahabi at sining, mayayamang lupa, kabigha-bighaning mga tanawin, kasama na dito ang mapagmahal at mapag-alaga sa mga hayop, mapagkawang-gawa sa kapwa, gayundin ang masasarap na luto ng pagkain, panininiwala sa mga kakaibang nilalang, paniniwala at simbolo ng mga hayop sa buhay ng tao, pagdiriwang ng iba't-ibang okasyon, tradisyon at kaugalian, taimtim at iba't ibang paraan ng pananampalataya, at marami pang

kultura na maaaari nating siyasatin at pag-aralan. Ilan lamang ang mga iyan na talaga namang maipagmamalaki ng mga Asyano.

Sa paglipas ng panahon lalo pang yumabong ang kulturang ating minana pa sa ating mga ninuno. Higit na naging maunlad ang kulturang nagpapayabong ng ating ekonomiya at nagpapalakas ng ating pagiging Asyano. Kaya naman madaming kilala o bantog na tao sa iba't ibang larangan at nakapagbigay ng karangalan sa atin. Ilan sa mga ito ay si Lea Salonga, isang Pilipinang mang-aawit at aktres na naging bantog dahil sa kanyang pagganap sa musikal na Miss Saigon; si Jose Rizal, sa natatanging pagmamahal sa bayan at paglaban niya sa mga dayuhan gamit ang kanyang pluma; si Jackie Chan ng Hong Kong, bilang magaling at batikang artista sa sining ng pelikula at telebisyon lalo na sa larangan ng martial arts; Sitti Nurhaliza ng Malaysia, sa kanyang natatanging ginintuang tinig at puso sa pagtulong sa kanyang kapwa; Ayung San Suu Kyi ng Myanmar, bilang pinuno ng Pambansang Liga para sa Demokrasya sa Burma at tagapagtaguyod ng hindi marahas na paglaban; si Genghis Khan, ang bumuo ng Imperyong Mongol na siyang pinakamalaking imperyo sa kasaysayan ng sinaunang kabihasnan, sinanay at pinagsama niya ang tribung Mongol upang makagawa ng isang malakas at makapangyarihang sandatahang lakas batay sa meritokrasiya at marami pang ibang kilalang tao na nagbigay ng karangalan sa kanilang mga bansa sa Asya at nagpakita ng pagmamahal sa kani-kanilang kulturang nakagisnan.

Ang kultura ay salamin ng pagkakakilanlan ng isang lugar at ang kabuuang paraan ng pamumuhay ng mga tao. Ito ay mabisang kasangkapan na dapat gamitin ng mga tao upang magbuklod-buklod. Higit nating paunlarin ang ating kulturang minana at mamanahin ng susunod pang henerasyon. Higit na pahalagahan at bigyan ng kaukulang pansin ang kulturang nagyayabong sa atin. Nang sa gayon tayo ay higit na makilala at magbigay inspirasyon sa marami sapagkat mayaman ang kulturang Asyano.

## Gawain

### Gawain 1

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang paksa ng binasang teksto?

A. mga tao sa Kanlurang Asya
B. kulturang Asyano
C. kabayanihan ng Asyano
D. Pagkilala sa Asyano

2. Ano ang nais ipahiwatig nito?

A. pagbuklod-buklorin ang Asyano
B. ipakita ang yaman ng mga bansa sa Asya
C. ipaalala ang ambag ng mga Asyano
D. maipagmamalaki ang kultura ng Asya

3. Ano ang kabutihang dulot ng pagkakaroon ng kultura?

A. may pagkakakilanlan ang mga lahi ng tao
B. masasabi ang kinabibilangang lahi ng tao
C. malalaman ang pamumuhay ng lahi ng tao
D. matutukoy ang tradisyon ng lahi ng tao

4. Ilarawan at Ipaliwanag ang kulturang Pilipino na nabanggit sa binasang teksto.

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

5. Paano mapapahalagahan ang ating kultura? Ipaliwanag.

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

## Pagsasanib ng Wika at Gramatika

Ang mga salitang ginagamit natin sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ay makatutulong upang maunawaan ang kahulugan nito. Mahalaga na magamit natin ng wasto ang pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon

Ang pang-uri ay mga salitang naglalarawan o nagbibigay ng katangian ng tao, hayop, bagay, lugar o pangyayari.

Napatitingkad ang anumang akdang pampanitikan kapag wasto ang gamit ng mga salitang naglalarawan. Nakapaglalarawan tayo ng tiyak at angkop kapag alam

natin ang gamit ng mga salita. Nakatutulong nang malaki sa pagbibigay ng hugis, kulay, anyo sa mga bagay na bumubuo sa ating kapaligiran ang wastong paggamit sa salitang naglalarawan. Maaari ring tiyak na makapaglarawan sa katangian at ugali ng isang tao o hayop ang paggamit ng angkop na salitang naglalarawan. Samakatuwid, nakatutulong nang malaki ang mga salitang naglalarawan upang bigyang katangian ang isang bagay o ugali maging sa damdamin at mga pangyayari sa ating kapaligiran.

Sa paggamit ng mga pang-uri, kinakailangan nito ang wasto at angkop na paglalarawan sa pangngalan na ating inilalarawan. May mga salitang naglalarawan na angkop lamang para sa tao at di maaring gamitin sa bagay. May mga salitang naglalarawan naman na angkop lamang para sa bagay at hindi maaaring gamitin sa tao. Bigyang pansin ang mga halimbawa sa ibaba.

1. Nakatatakot ang magpatayo ng mga matatayog na gusali sa lugar na may malambot na lupa tulad ng sa Baguio.
2. Matangkad ang aking panganay na anak sa kaniyang edad na labing apat na taong gulang.

Mapapansin na ang salitang "matatayog" at "matangkad" ay parehong tumutukoy sa taas (height) ngunit hindi maaaring mapagpalit ang gamit sapagkat hindi aakma ang nais na iparating. Hindi maaaring maging matangkad na gusali at matayog na anak. Kapag ginamit ang matayog sa anak upang ilarawan ang taas nito makapagbibigay ng ibang paglalarawan sa anak

## Gawain 2

**Panuto:** Isulat ang mga salitang naglalarawan mula sa tekstong binasa.

| Kulturang Asyano | |
|---|---|
| 1. | 6. |
| 2. | 7. |
| 3. | 8. |
| 4. | 9. |
| 5. | 10. |


## Gawain 3

**Panuto:** Itala sa patlang ang mga salitang naglalarawan sa salitang “kabayanihan”.

1. ____________________

2. ____________________

3. ______________




4. __________________

5. ____________________

## Gawain 4

**Panuto:** Itala sa kahon ang mga naiambag ng mga kilalang tao sa asya mula sa tekstong binasa.

1. Jose Rizal

2. Genghis Khan

3. Ayung San Suu Kyi

4. Jackie Chan

5. Sitti Nurhaliza

## Tandaan

Mayaman ang kultura ng Asya. Masasabi ito dahil sa 'di mabilang na dami ng mga patunay na nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga Asyano. Maunlad ang Asya sa pagkakaroon ng mga likhang kultura na sumisimbolo sa pagkakakilanlan at kalinangan ng mga Asyano.

Ito ay hindi isang namumukod tanging kontinente, may karaniwang kasaysayan para sa maraming mga kultura at mga tao dito. Ang sining, musika, at lutuin, pati na panitikan, ay mahahalagang mga bahagi ng kulturang Asyano. Gumaganap din ng isang pangunahing gampanin ang pilosopiya at relihiyon, na kinabibilangan ng Hinduismo, Taoismo, Confucianismo, Budismo, Kristiyanismo at Islam; ang lahat ng mga ito ay may pangunahing mga gampanin. Isa sa mga bahagi ng kultura ng Asya ay ang ugnayan sa pagitan ng mga kulturang nakaugalian at tradisyong nagpapayaman.

May mga Asyano na nag-ambag ng kanilang husay at talento, kabutihan, katapangan at maging buhay upang mas lalong maitanghal sa mundo ang Asya at maipakita ang pagmamahal sa sariling bayan.

Pang-uri ang tawag sa bahagi ng pananalita na naglalarawan, mga salitang nagbibigay ng katangian ng tao, hayop, bagay, lugar o pangyayari.


## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Pumili at magsaliksik ng isang maituturing na bayani mula sa Kanlurang Asya at gumamit ng mga salitang naglalarawan upang mailahad ang kanyang natatanging kabayanihan na naiambag sa Asya. Isulat ang mga ito sa graphic organizer.

a. Mahatma Gandhi ng India

b. Irena Stanisława Sendler ng Israel

c. Mustafa Kemal ng Turkey




## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin sa **HANAY B** ang inilalarawan sa **HANAY A**. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
| _______1. Ang katangian ng mga Asyanong mang-aawit. | A. Kabayanihan |
| _______2. Kontinenteng kinabibilangan ng Pilipinas. | B. Kultura |
| _______3. Bahagi ng pananalita na naglalarawan sa pangngalan. | C. Malamyos na tinig |
| _______4. Ang ginagawa ng taong nagpapakita ng katapangan at kagitingan. | D. Asya |
| _______5. Ang sumasalamin sa kalagayan pag-unlad ng isang bansa. | E. Pang-uri |

## Sanggunian

Panitikang Asyano 9, Pagsasanib ng Wika at Gramatika, 47-48
tinyurl.com/tjjzyefa
tinyurl.com/agwdiv24
https://www.wikiwand.com/tl/Genghis_Khan
https://tl.wikipedia.org/wiki/Aung_San_Suu_Kyi

## Susi ng Pagwawasto

Unang Pagsubok
1. mayaman
2. tanyag
3. mabisa
4. maayos
5. matapang

Balik-Tanaw
1. E
2. A
3. C
4. D
5. B

Gawain 1
1. B
2. D
3. A

Pangwakas na Pagsusulit
1. C
2. D
3. A
4. A
5. B